

**Paninindigan at Panawagan ng University Council ng UP Diliman
hinggil sa naganap na karahasan noong ika-18 ng Hunyo 2015:**

Manindigan Para sa Pamantasan at sa Bayan!

Labanan ang Impunity! Wakasan ang Karahasan!

Noong ika-18 ng Hunyo, 2015, habang ipinagdiriwang ng pamantasan ang ika-107 taon ng kanyang pagkatatag, isang karumal-dumal na krimen ang naganap sa loob mismo ng pamantasan—dalawang mag-aaral natin, sina Jesus Blas Vitangcol at Joevie dela Cruz, ay inatake ng apat na kalalakihang may hawak na mga tubo, may mga takip ang mga mukha at naka-bonnet at walang pagkakakilanlan. Makalipas ang isang oras, dalawa pang mag-aaral, sina Ernesto Luis Martino Pangalangan at Mario Adrefenio Santos naman ang inatake. Salamat sa mabilis na pagkilos ng ating kapulisan, nahuli ang limang suspek.

Sa kabila ng pagturing nating lahat sa pamantasan bilang isang ligtas na lugar para makasalamuha natin nang mapayapa at matiwasay ang ating pamayanan, naganap ang karahasang ito.

Malubha ang kalagayan at kasalukuyang nakaratay sa pagamutan si Ginoong Vitangcol. Sa wika ng ating Chancellor Michael Tan noong personal niyang binisita ito sa University Health Service, para alamin ang kalagayan nito, “bugbog sarado,” nalagas ang ilan niyang mga ngipin sa tindi ng pananakit sa kanya na muntik na niyang ikamatay.

Batay sa paunang imbestigasyong isinagawa ng ating kapulisan at ng Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangmag-aaral, lumilitaw na kasapi ng Kapatirang Upsilon Sigma Phi ang limang suspek na nahuli, kaugnay ng karahasang sinapit ng apat nating mag-aaral. Apat sa mga suspek ay kasalukuyang mag-aaral sa UP Diliman (Cheran Cabrito, Elias Miles Villanueva, Rannie Mercado at Sean Rodriguez) samantalang ang ika-lima ay alumnus ng UP Diliman (Rudolf Gene Karlo Neral).

Walang puwang ang anumang karahasan sa pamantasan. Labag ito sa lahat ng prinsipyong ating itinuturo, pinapaniwalaan at pinaninindigan. Kinokondena ng University Council ng UP Diliman sa pinakamataas na antas ang karahasang ipinakita ng mga kasapi ng Kapatirang Upsilon Sigma Phi.

Nananawagan ang University Council ng UP Diliman para sa mga sumusunod:

- 1) Agarang paglutas sa karumaldumal na krimeng ito.
- 2) Panagutin ang mga taong gumawa ng karumaldumal na krimeng ito
- 3) Panagutin ang kapatirang kinauukulan kung saan kasapi ang mga gumawa ng karumaldumal na krimeng ito
- 4) Bukod sa mga parusang legal na naaayon sa bigat ng krimeng kanilang nagawa:
 - a. Ipataw ng pamantasan ang pinakamataas na parusa sa mga tuwirang sangkot—pagpapatalsik sa kanila bilang mga mag-aaral ng pamantasan;
 - b. Ipataw ng pamantasan sa kapatirang kinasasapian nila, ang parusang hindi bababa sa limang taong suspensyon ng pagkilala sa kanilang kapatiran
- 5) Sa lahat ng mga alumni na kasapi ng mga kapatiran at samahang sangkot sa karahasan, panahon na para itigil ang pagsuporta sa maling gawain ng kanilang kakapatiran at kasamahan. Ang mali ay mali, at dapat itama, lalo na kung kasamahan natin o kakapatiran natin ang sangkot. May mas mataas na mga prinsipyo kung bakit kayo sumapi sa mga samahan o kapatiran. Ang paggawa ng krimen at karahasan ay hindi kasama sa mga ito.

Patatagin natin ang ating hanay sa UP Diliman para labanan ang kultura ng impunity at karahasan!

Palaganapin ang kaisipang manindigan para sa Pamantasan at para sa Bayan!